

Karahasan ng Kasinungalingan

MICHAEL FRANCIS C. ANDRADA, PH.D.

Kalaban ng tapat na pananaliksik ang kasinungalingan. Mula tao hanggang datos, anumang pag-aaral na nakasandig sa kasinungalingan, pabrikasyon ng impormasyon, at distorsiyon ng kasaysayan ay hungkag, nakababahala, at mapanganib. Walang espasyo at panahon para sa paniniil ng katotohanan. Ang sinungaling ay kalaban. Pirmi nitong uok-ukin ang pundasyon at layunin ng pananaliksik—ang maghatid at maghatag ng katotohanan para sa makabuluhang lipunan.

Ang bisa ng pananaliksik ay nakasalalay sa katotohanan at katapatan. Makailang ulit nang dinidiskurso sa loob at labas ng akademya ang halaga ng tapat na pananaliksik. Mula sa mga panayam at sarbey hanggang sa grassroots at etnograpihong pananaliksik, mahalaga ang kawastuhan ng datos, sistematiko at siyentipikong pangangalap ng datos, katapatan sa konteksto, pagsandig sa etikal at propesyonal na pamantayan, at kritikal na pagpoproseso ng datos. Tanging pagmamahal at malasakit sa katotohanan at katapatan ang mga susi sa pananaliksik na nakatuon sa pagsisilbi sa mamamayan at bayan.

Kung kaya anumang distorsiyon at dis-impormasyon ay maihalintulad sa pandaraya, pagnanakaw, at pandarahas. Dinaraya nito ang totoong dapat matalos ng mamamayan. Ninanakaw nito ang kinabukasang maaaring baguhin ng pananaliksik. Nagpapalaganap ito ng isang uri ng karahasang epistemolohikal – na ang kaalaman at impormasyon ay marahas na binabago upang pumabor sa iilan. Sa anumang larangan, anumang mali sa tunguhin, pangangalap at pagpoproseso ng datos ay magbubunga ng maling resulta. Iba

ito sa eksperimentasyong kontrolado ang mga salik at maging ang mga konteksto. Iba ito sa mga hindi sinasadyang pagkakamali, na ano't anumang ay nagdudulot ng bagong resulta. Samakatwid, anumang sistemang mali ay tiwali at magluluwal ng mali. At magdudulot ng karahasan sa lahat ng antas.

Sa panahon ngayon ng intensibong paggamit ng teknolohiyang pang-impormasyon, napakabilis ng pagkalat ng impormasyon at maging ng dis-impormasyon. Hindi maitatangi na napepeke ang madla sa bilis ng diseminasyon ng dis-impormasyon at distorsiyon mula sa mga tuso't tiwali. Lantaran ang karahasan ng panlilinlang. Sa sangandaan ng pambansang halalan, lantaran ang ginagamit ang “pananaliksik” upang paboran ang mga hungkag at tiwali. Lantaran ang pagkasangkapan, halimbawa, sa pamamaraan o metodo ng sarbey, upang paboran ang mga politiko, kandidato, grupo, at partido na kilala ring tagapamandila at tagapagpakalat ng distorsiyon ng kasaysayan at karahasan ng dis-impormasyon.

Nitong nakaraan lamang ay naglabas ng kolektibong pahayag ang kaguruan ng

UP Diliman School of Statistics tungkol sa naglipanang “gawa-gawa” at “kaduda-dudang” mga sarbey dahil sa kawalan nito ng siyentipiko at sistematikong paraan ng pangangalap ng datos at impormasyon. Malaki ang responsibilidad na iniaatang sa pagsasagawa ng mga sarbey, kung kaya’t sinipat ng naturang mga guro ang hindi-mapagkakatiwalaang pamamaraang ginagawa ng mga “kalye survey” at iba pang online survey na hindi nagtataguyod ng pinakamataas na pamantayan ng pangangalap ng datos. Umalma rin ang nasabing mga guro sa kawalan ng mapanuring pagsipat ng ilang mga organisasyon at institusyong pangmidya na inilalathala pa ang mga kaduda-dudang resulta ng hindi-mapagkakatiwalaang mga sarbey. Sa huli, tulad ng panawagan ng marami, ang panawagan ng kaguruan ng UP Diliman School of Statistics ay ang maging tapat sa pangangalap at pagpoproseso ng mga datos upang tunay na magluwal ng pulso ng mamamayan. At higit sa lahat, ang pag-udyok at paghikayat sa mamamayan na maging mapanuri sa lahat ng pagkakataon, na huwag agarang maniwala sa naglalabasang mga sarbey. Sa halip ay alamin at suriin hindi lamang ang resulta kundi ang pamamaraan ng pagkalap at pagproseso ng mga datos. Dahil sa huli, ang pamamaraan at pagpoprosesong tiwali ay magbubunga lamang ng resultang mali at nagsisilbi sa mga nakikinabang sa mali.

Tungkulin ng bawat mamamayan na huwag magpalinlang. Kaakibat nito ang tungkuling sumandig sa katotohanan, kung kaya’t imperatibo ang maging mapanuri. Lalo na sa panahon ngayon, labas at lagpas sa eleksiyon, na marahas ang pagsisinungaling at panlilinlang. Ang mga makinarya ng pasistang pamahalaan tulad ng Armed Forces of the Philippines ay hindi lamang pisikal na nandarahas kundi nagpapalaganap din ng karahasang epistemolohikal. Kung hindi magiging mapanuri ang midya at mamamayan, maaaring malansi ng mga kasinungalingang ipinalalaganap ng mga berdugo. Ang mga diktador at berdugo ay pinalalabas na bayani. Ang mga pasista ay pinararangalan. Habang ang mga makabayan at progresibo ay iniimbentohan ng mga kaso, dinarahas, at minamasaker. Ang mga biktima ay pinalalabas na kriminal. Ang literal na pagmasaker ng militar sa mga boluntaryo ng paaralang Lumad bakwit – ang New Bataan 5 na kinabibilangan ng mga boluntaryong guro na sina Chad Booc at Gelejurain Ngujo II, kasama sina Elegyn Balonga, Robert Aragon, at Tirso Añar – ay marahas na halimbawa nito. Paulit-ulit itong

itinatambol ng mga berdugo at pasista – at isinasakatuparan nila ito sa pamamagitan ng pagtatahi ng mga kasinungalingan – pabrikasyon, distorsiyon, at palsipikasyon ng mga ebidensiya. Mabilis itong kinagat ng ilang midya dahil sa kawalan ng matibay at masusing panunuri sa impormasyong ibinandila mismo ng mga salarin. Kung kaya ang larangan ng pananaliksik at impormasyon ay may bahid hindi lamang ng kasinungalingan kundi ng dugo.

Paulit-ulit na kailangang ikintal na ang pananaliksik ay isang tereyn ng tunggalian. Ang mga may monopolyo ng kapangyarihan ay palagiang ididireksiyon ang mga pananaliksik para pumabor sa naghahari-harian sa bayan. Paulit-ulit nilang isinasadlak ang mamamayan sa mga hungkag na impormasyon at pananaliksik. At sa primarya, kapital nila hindi ang katotohanan at katapatan kundi ang pagsisinungaling, panlilinlang, at pandarahas. Kung kaya kailangang paulit-ulit na ipasasagitsit – imperatibo ang pagsandig sa totoo at tapat, imperatibo ang maging mapanuri. Imperatibo na ang direksiyon ng pananaliksik ay ang pagluwal ng katotohanan, pagsiwalat sa mali at tiwali, at paglaban sa karahasan. Imperatibo, maging sa pananaliksik, ang manawagan ng katarungan. Imperatibo, maging sa pananaliksik, ang sumalunga. Para saan nga ba ulit? Para sa bayan. ♦